# Balitang Manmin

BILANG 177 ABRIL 2, 2017


# Napuno ng Pag-ibig at Kapangyarihan ng Diyos ang Ika-17 Anibersaryo ng Muan Sweet Water




Noong Marso 1, 2017, sa ganap na ika-11:00 ng umaga, idinaos ang Ika-17 Anibersaryo ng Makapangyarihang Muan Sweet Water sa Muan Manmin Church, Muan, Jeonam. Sinabayan ang selebrasyon ng pagsamba, pagpapasalamat, at pagtatanghal. Si Rev. Pastor Myeongsul Kim ang nagpapastor sa iglesyang ito. Sa selebrasyon, inihatid ni Rev. Dr. Soojin Lee, Vice Chairperson ng United Holiness Church of Jesus Christ, ang mensahe na pinamagatang "Glory to God" mula sa Mga Awit 135:3-6. Dumalo ang mga pastor at miyembro mula sa malaking iglesya at mga sangay nito, pati mga bisita ng mga lider at direktor ng iba't ibang grupo mula sa Muan-gun. Nakipagsaya din sa pagdiriwang ang mga naninirahan sa paligid ng iglesya.

Nagsimula noong Marso taong 2000 ang kasaysayan ng Muan Sweet Water. Ang Muan Manmin Church ay nasa isang isla na konektado sa loob ng bansa sa pamamagitan ng 'reclamation project'. Dati, walang tubig na pwedeng inumin ang mga tao doon kahit maghukay pa sila ng mga balon. Ang nakukuha nilang tubig ay nanggagaling sa dagat kaya maalat. Kinailangan nilang kumuha ng tubig mula sa isang lawa na 3km ang layo.

Nanalangin nang maalab si Pastor Kim at ang mga miyembro ng iglesya, ginamit nilang inspirasyon ang nakasulat sa Exodo 15:25 na nagsasabing, "Siya'y (Moises) dumaing sa PANGINOON at itinuro sa kanya ng PANGINOON ang isang punungkahoy; inihagis niya ito sa tubig, at ang tubig ay tumamis..."

Hiniling nila ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na ipanalangin ang balon na hinukay nila habang nasa bundok panalanginan ito. Tinanggap ng Diyos ang panalangin ng Punong Pastor, pinalitan Niya ng tubig na maiinom ang tubig-alat. Mula noon, tinawag itong Muan Sweet Water.

Sa loob ng 17 taon, napakarami ng napagaling mula sa iba't ibang klaseng karamdaman, pati mga halaman at hayop ay nagsitubo at nagsigaling. Natupad din ang mga minimithi ng puso ng mga tao (basahin ang mga patotoo tungkol dito sa pahina 3 at 4).

Naging banal na lugar ang Muan Sweet Water, binibisita ito ng mga manlalakbay mula sa iba't ibang bahagi ng mundo. Noong Marso 2003, naglagay ng aquarium sa Manmin Central Church para ipakita ang kapangyarihan ng Diyos. Magkasamang nabubuhay sa aquarium ang mga isdang tubig-alat at mga isdang tubig-tabang. Milyong-milyong tao na ang nakakita ng aquarium na ito magmula noong itinayo ito.

Noong taong 2007 at 2010, nakumpirma sa pitong klaseng pagsusuri na isinagawa ng FDA (Food and Drug Administration ng Estados Unidos), ang kaligtasan at mataas na kalidad ng Muan Sweet Water. Nakita sa resulta ng pagsusuri na napakaraming mineral sa Muan Sweet Water. Tatlong beses na mas maraming calcium ang nakukuha dito kumpara sa ibang kilalang bukal. Noong taong 2013, nairehistro ang Muan Sweet Water sa US Patent and Trademark Office. Ibigay natin ang lahat ng luwalhati at pagpapasalamat sa Diyos na nagbibigay ng kamangha-manghang biyaya at nagpapakita ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Muan Sweet Water.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Kainin ang Laman ng Anak ng Tao at Inumin ang Kanyang Dugo (1)

"Sinabi nga sa kanila ni Jesus, Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, malibang inyong kainin ang laman ng Anak ng Tao at inumin ang Kanyang dugo, wala kayong buhay sa inyong sarili. Ang kumakain ng Aking laman at umiinom ng Aking dugo ay may buhay na walang hanggan, at siya'y muli Kong bubuhayin sa huling araw. Sapagkat ang Aking laman ay tunay na pagkain, at ang Aking dugo ay tunay na inumin."
(Juan 6:53-55)

Para panatilihin ang pisikal na buhay, ang isang tao ay dapat kumain at uminom para manatiling malusog. Ang tubig ay tumutulong sa pagtunaw ng pagkain at pagkuha ng mga sustansya, tumutulong din ito sa pagpapalabas ng mga dumi na nakakasira at nakakalason sa katawan. Parang ganito rin ang proseso kung espirituwal na buhay ang pag-uusapan.

Pagkatapos nating tanggapin si Jesu-Cristo, at ipanganak sa tubig at Banal na Espiritu, nagkakaroon tayo ng karapatan bilang mga anak ng Diyos. Para panatilihin ang espirituwal na buhay, dapat nating 'kainin ang laman at inumin ang dugo ng Anak ng Tao'.

Pag-aralan natin ang kahulugan ng 'kainin ang laman ng Anak ng Tao'.

## 1. Ang Kahulugan ng "Kainin ang Laman at Inumin ang Dugo ng Anak ng Tao"

Anong kahulugan ng kainin ang laman ng Anak ng Tao? Sa espirituwal na diwa, ito ay laman ni Jesus na siyang tunay na pagkain na magdadala sa atin sa walang hanggang buhay.

Sinasabi sa atin ng Juan 1:14, "At naging tao ang Salita at nanahang kasama namin, at nakita namin ang Kanyang kaluwalhatian, kaluwalhatiang gaya ng sa Tanging Anak ng Ama, puspos ng biyaya at katotohanan." Sa unang bahagi ng Juan 6:51, inilarawan din ni Jesus ang sarili bilang "tinapay na buhay na bumabang galing sa langit; sinumang kumain ng tinapay na ito ay mabubuhay magpakailanman."

Ang kainin ang laman ng Anak ng Tao – Salita ng Diyos, tinapay ng buhay – ay may malapit na kinalaman sa pagtutulad kay Jesus sa isang "Tupa (Kordero)." Ang paraan ng pagkain dito ay nakasulat sa Exodo 12, tungkol ito sa paghahanda ng Kordero sa pagdiriwang ng araw ng Paskuwa.

Kadalasan, ang boses lang ng nagpapastol sa kanila ang pinapakinggan ng mga tupa. Maamo ang mga hayop na ito, malaki ang pakinabang sa kanila. Mabubuting bagay lang ang ibinibigay ni Jesus sa sangkatauhan, at tulad ng tupa, naging sakripisyong pantubos Siya para sa atin. Sa lahat ng mga tupa, ang tupang wala pang isang taon ang pinakamalinis. Hindi pa ito nag-aanak, at sa espirituwal na aspeto, itinutulad ang mga ito sa Ating Jesus na walang bahid at walang kasalanan.

Nang dumating ang salot ng kamatayan ng mga panganay na anak sa buong Ehipto, na inilarawan sa Exodo 12:7-10, inutusan ng Diyos ang mga Israelita na kumuha ng tupa at "kunin ang dugo at maglagay nito sa dalawang haligi ng pintuan at sa itaas ng pintuan ng bahay na kanilang kakainan" ng tupa. Binigyan din ng Diyos ang mga mamamayan ng Israel ng detalyadong paraan kung paano kakainin ang tupa.

## 2. Paraan ng Pagkain ng Tupa

### 1) Hindi kakainin ng "hilaw o pakukuluan sa tubig," iihawin ito sa apoy

Ang sinisimbulo ng "apoy" dito ay apoy ng Banal na Espiritu, at dapat nating unawain at kainin ang Salita ng Diyos sa tulong ng Banal na Espiritu (2 Pedro 1:20-21). Binabalaan tayo ng 2 Pedro 3:16 tungkol sa interpretasyon ng Salita ng Diyos na hindi ayon sa inspirasyong ibinibigay ng Banal na Espiritu. Kung ito ay mali, mailalayo tayo nito sa katotohanan at dadalhin tayo sa pagkawasak.

Ang "kinain ng hilaw ang Salita ng Diyos" ay literal na interpretasyon ng Salita Niya, hindi naiintindihan ang espirituwal na kahulugan na nakapaloob dito.

Ang pagkain ng hilaw na pagkain ay nakakapagpasakit ng tiyan, hindi ito natutunaw agad. Kaya kung "kakainin ng hilaw ang Salita ng Diyos"magkakaroon ng hindi maingat at maling interpretasyon ng Biblia.

Halimbawa, sinabi ni Jesus sa Mateo 6:6, "Ngunit kapag ikaw ay mananalangin, pumasok ka sa iyong silid at pagkasara mo ng iyong pinto ay manalangin ka sa iyong Ama na nasa lihim, at ang iyong Ama na nakakakita ng mga lihim ay gagantimpalaan ka." Pero wala tayong makikita sa Biblia tungkol sa mga ama ng pananampalataya na nanalangin sa "loob ng silid"; Hindi rin nanalangin si Jesus sa loob ng silid. Nanalangin Siya sa halamanan o sa isang malayong lugar. Ang kahulugan nito ay kung mananalangin tayo, dapat malayo tayo sa mga pangangailangan at alalahanin ng mundo. Ang mga ito ang dahilan kaya nagiging paulit-ulit ang idinadalangin natin. Makipag-usap tayo sa Diyos mula sa kaibuturan ng ating mga puso.

Susunod, hindi "pakukuluan sa tubig" ang tupang kakainin. Sinasabi nito sa atin na hindi magdadagdag ng anumang elemento mula sa mundo sa Salita ng Diyos. Ang mga iniisip at kaalaman ng tao ay napakalimitado, walang makapangyarihang ideolohiya o paniniwala ng tao sa mundo ang perpekto. Lumalampas sa kahit anong kaalaman sa mundo ang Salita ng Diyos, ito lang ang tumatagal at hindi nagbabagong katotohanan. Hindi dapat magpatotoo sa mga kaalaman o haka-haka ng mundong ito kundi sa Salita ng Diyos lang na makikita sa Biblia na ipinapaliwanag sa tulong ng Banal na Espiritu, tandaan natin ito. Sa pamamagitan ng kaalaman tungkol sa Salita na itinuro ng Banal na Espiritu, dapat ding turuan ang mga mananampalataya tungkol sa Diyos na buhay, mga paraan kung paano nila makakatagpo ang Diyos, at ang tamang paraan ng buhay kay Cristo na kinakailangan para maligtas.

### 2) "Kakainin ang ulo at mga paa, pati ang mga laman-loob"

Ang ibig sabihin nito ay pag-aaralan natin at isasabuhay ang Salita ng Diyos na mababasa sa buong Biblia, mula sa Genesis hanggang sa Pahayag.

Kapag nagbabasa ng Biblia, nilalampasan ng ibang tao ang aklat ng Levitico dahil mahirap maintindihan habang ang iba naman ay nahihirapang paniwalaan o hindi naniniwala sa mga tanda at himala na nakasulat sa Biblia. Kung iiwasan o puputulin ng mga tao ang ibang bahagi ng Biblia na hindi akma sa mga ideya o paniniwala nila, mawawala na ang Katotohanan at Pananampalataya.

Ang matitira na lang ay mga tuntunin o pamantayan ng ugali at paniniwala kung ano ang katanggap-tanggap o hindi. Higit sa lahat, kung hindi nila itatanim sa puso nila ang mga utos ng Diyos na mahirap sundin, hindi sila magkakaroon ng walang hanggang buhay kahit ilang beses o dalas nilang basahin ang Biblia.

Hindi dapat bahabahagi ang paniniwala sa Salita ng Diyos, dapat itong basahin ng buo para magkaroon tayo ng walang hanggang buhay.

### 3) Walang ititirang bahagi ng tupa hanggang kinaumagahan; kung may matira, dapat itong sunugin

Ibig sabihin nito, dapat nilang ubusin ang tupa bago mag-umaga. Sa espirituwal na diwa, ang "gabi" ay tumutukoy sa panahon kung saan ginagamit ng kaaway na diyablo at Satanas ang kapangyarihan nila sa mundo. Ang "umaga" naman ay nangangahulugang panahon ng pagbabalik ng Panginoon. Kainin natin ang lahat ng Salita ng Diyos – ang laman ng Anak ng Tao – bago bumalik ang Panginoon.

Sa mga huling araw, habang patuloy na nalulubog sa kasalanan at kasamaan ang mundo, mas lalong magiging madilim. Sa pagbabalik ng Panginoon, maitataboy ang kadiliman, at ihahatid ng liwanag ang umaga. Sa panahong ito, matatanto ng mga tao na lahat ng nakasulat sa Biblia ay totoo.

Kaya, bago dumating ang umaga – bago bumalik ang Ating Panginoon – maging masigasig tayo sa pag-aaral, pagsasapuso, at pagsasabuhay ng buong Salita ng Diyos. Lubusin natin ang paghahanda bilang mga babaing pakakasalan ng Panginoon, at maghintay tayo sa pagbabalik Niya.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, ang pagninilay ninyo sa Salita ng Diyos ang magiging pamantayan kung anong magiging buhay ninyo sa mundong ito at sa Langit na may kinalaman sa tirahan at mga gantimpala.

Kaya, idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na isapuso at isagawa ninyo ang bawat Salita ng Diyos para makapasok kayo sa pinakamaluwalhating lugar sa Langit.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

## Ang Mga Kaibig-ibig na Babaing Pakakasalan ng Panginoon ay...

1. Sila ay malinis tulad ng mga kalapati, ang pag-iisip at pag-uugali nila ay puno ng kabaitan.
2. Sila ay matalino at matalas ang isip tulad ng ahas, ang mabangong samyo ni Cristo ay ibinabahagi nila.
3. Ang mga puso nila ay marilag at magara, parang seda.
4. Maliwanag ang mukha nila, malusog, pero kung minsan, mahiyain.
5. Hindi sila matabil, sila ay masiyahin, marunong, at maawain.
6. Sila ay malumay at mapagpakumbaba, hindi mainitin ang ulo. Maganda ang ugali nila, at magalang.
7. Maliwanag at kumikislap ang mga mata nila.
8. Ang kasuotan nila ay malinis, elegante, at makabago, pero hindi sila marangya.
9. Sila ay mahinhin, disidido, at walang bahid.
10. Hindi sila nagsisinungaling, o lumalaban, o naninirang-puri.

'Mga Kinakailangan ng Isang Babaing Pakakasalan', Mula sa Sermon ni Dr. Jaerock Lee

# "Gumaling ang mga Mata Ko Mula sa Pagkaduling (Unspecified Paralytic Strabismus)!"

**Diakono Min Seong, 48 taong gulang, Parokya 19, Manmin Central Church**

Nang magsimula ang Disyembre 2016, naramdaman kong sobrang pagod ang mga mata ko. Kinabukasan, doble na ang tingin ko sa mga bagay na nakikita ko. Napakaseryoso ng nararamdaman ko, hindi ko magawa ang mga bagay na dati kong ginagawa.

Pumunta ako sa isang klinika para ipasuri ang mga mata ko. Sinabi ng doktor na ang sakit ko ay 'unspecified paralytic strabismus'. Nagpasuri ulit ako sa ibang mga klinika, pero ganoon din ang sinabi sa akin. Iginawa nila ako ng sulat para makapagpasuri ako sa mas malaking ospital.


Noong Enero 26, bumisita sa Punong Pastor si Diakono Min Seong at ang asawa niya. Ibinalita nila sa pastor ang tungkol sa paggaling niya.

Labis ang pagkaduling ng mga mata ko, hindi ito maiwasto ng salamin. Dapat kong takpan ng 'eye patch' ang isang mata. Nahihirapan akong mag-drive. Lahat ng bagay ay parang malabo, dahil dito, nabangga ako sa pader ng isang bahay, nayupi tuloy ang sasakyan ko, kinailangan pang ipaayos. Nag-aalala ako kapag bumababa sa hagdanan dahil baka ako mahulog.

Nagsimula akong manalangin, inisip ko kung bakit nangyayari sa akin ito. Akala ko tama lang na manuod ako ng magagandang pelikula, pero nagustuhan ko na ang panonood ng TV at pelikula. Hindi ko rin sinusunod ang Salita. Pinagsisihan ko ito, winisikan ko ng Muan Sweet Water ang mga mata ko. Umasa akong gagaling.

Noong Disyembre 16, pagkatapos ng Magdamag na Pagsamba Tuwing Biyernes, lumapit ako sa Punong Pastor para bumati. Nagkaroon ako ng pananampalataya na gagaling ako kung hahaplusin niya ang mga mata ko. Hinawakan ko ang kamay niya at inilapat ko ito sa mga mata ko. Sinabi niya, "Naway dumating sa iyo ang liwanag."

Pagkatapos, naging normal ang kanang mata ko, pero doble pa rin ang paningin ng kaliwang mata. Hinanap ko sa puso ko ang mga kasalanang dapat pagsisihan, pinagsisihan ko ang mga ito. Noong Disyembre 25, tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor para sa lubos na paggaling. Unti-unting gumaling ang kaliwang mata ko. Noong Enero 2017, magaling na ang dalawang mata ko.

Bukod dito, naging malinaw ang paningin ko, hindi na ako 'farsighted'. Lubos akong nagpapasalamat sa Diyos at niluluwalhati ko Siya dahil pinagaling Niya ako.

# "Nakalunok ng Turnilyo ang 10 Buwan Kong Apo, pero Walang Nangyaring Masama sa Kanya"

**Diakonesa Kabyeon Park, 59 taong gulang, Parokya 28, Manmin Central Church**



Noong Enero 23, 2017, inalagaan ko ang apo kong lalaki. Iniwan ko siya sandali. Napansin kong nawala ang turnilyo sa bukasan ng kabinet, nakita kong nilalaruan ito ng apo ko kanina lang. Ang turnilyo ay may habang 1.5sm. Nagmadali ako sa paghanap nito dahil mapanganib kung nalunok niya ito.

Hinanap ko ito kung saan-saan, pero hindi ko nakita. Parang wala namang nangyaring masama sa apo ko, naglalaro pa rin siya. Pinainom ko siya ng Muan Sweet Water at tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor para sa maysakit sa GCN, para sigurado. Binantayan ko ang apo ko, nanalangin, normal naman siya, gaya ng dati.

Noong Enero 26, pagkalipas ng tatlong araw, dinalaw ko ang Punong Pastor sa tirahan niya para tanggapin ang panalangin niya para sa apo ko, babati din ako sa kanya dahil Lunar New Year. Pag-labas ko sa tirahan niya, tumawag ang anak kong babae para ibalitang nakita niya sa dumi ng apo ko ang turnilyo. Walang naging problema sa apo ko sa nakaraang tatlong araw. Nagpapasalamat ako sa Diyos ng pag-ibig, iningatan Niya ang apo ko.



## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Pláridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714




# "Naging Tagahanga Ako ng Muan Sweet Water Pagkatapos Kong Gumaling Mula sa Maraming Karamdaman"

Kapatid Maya Devi, Delhi Manmin Church, India

Noong Mayo 2016, nangati ang kanang hinlalaki ko sa kamay, parang kinagat ng lamok. Habang kinakamot ko ito, nagkaroon ng nana at dumugo, napakasakit. Napakainit sa India noong panahong iyon, 50 celsius ang temperatura. Bukod dito, dahil palaging nawawala ang kuryente, hindi namin magamit ang air conditioner at ang electric fan. Lumalaganap tuloy ang mga sakit sa balat.



Namaga na din ang balat ko sa balikat, napakasakit din nito. Ni hindi ko maigalaw ang kanang braso ko. Pinahiran ko ito ng gamot at uminom ako ng pampawala ng pananakit, pero mas lumala ang sakit.

Nagdesisyon ako na magtiwala sa Diyos na pagagalingin ako, itinigil ko ang pag-inom ng gamot. Winisikan ko ng Muan Sweet Water ang makakati ko sa balat. Tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na naka-record sa cellfone ko. May nangyaring kamangha-mangha. Biglang gumaling ang sugat na parang hindi gagaling, nawala na din ng pamamaga at pananakit. Pagdating ng buwan ng Hunyo, magaling na ito.

Gumaling ang asawa kong si Kapatid Sunil Kumar mula sa karamdaman sa tiyan. Hindi na siya binabangungot. Dahil sinusunod niya ang Araw ng Panginoon, tumanggap siya ng malaking biyayang pampinansyal. Nagboluntaryo kami sa gawain sa iglesya bilang pagpapasalamat namin sa pagpapala ng Diyos. Muan Sweet Water ang medisina namin dito sa bahay! Malusog ang mga miyembro ng pamilya ko, ni hindi nagkakasipon o nagkakalagnat.



Lubos akong nagpapasalamat sa Diyos ng pag-ibig, niluluwalhati ko Siya. Nagpapasalamat din ako sa Punong Pastor na nanalangin para sa amin.

# "Dahil sa Muan Sweet Water, Gumaling ang Cancer Ko sa Matris at Rayuma"

Diakonesa Youngja Park, 52 taong gulang,
Parokya Chinese, Manmin Central Church



Noong nasa China ako, sinubukan ng nanay at kapatid kong babae na ibahagi sa akin ang ebanghelyo, dumadalo sila sa Manmin Central Church. Mahirap makakuha ng Muan Sweet Water sa China, pero nakakuha ako. Naglagay ako ng kaunti sa isang tasa, ipinahid ko ito sa mga mata ko, nawala ang pagkasingkit ko! Namangha ako, napakasaya!

Noong Marso 2012, dinugo ako. Nasuri sa ospital na malala na ang cancer ko sa matris. Sinabi ng doktor na dapat akong operahan para tanggalin na ito. Nabalitaan ng nanay ko ang tungkol dito, naghandog siya ng pag-aayuno at pananalangin. Hiniling din niya ang panalangin ng Punong Pastor. Idinalangin niya ako sa altar, gumaling ako dahil tinanggap ko ang panalangin niya na lumalampas sa lugar at panahon sa pamamagitan ng GCN. Gumaling ang cancer ko sa matris.

Noong Setyembre 2013, lumipat ako sa Korea. Habang nagsusulong ako ng buhay bilang Cristiano sa Manmin Central Church, gumaling ang rayuma ko, 20 taon na akong pinahirapan nito. Nagpapasalamat din ako sa Diyos na nagbigay sa akin ng pananampalataya, nawala ang pagkasingkit ko dahil sa Muan Sweet Water.

# "Gumaling ang Paso sa Balat Ko Dahil sa Panalanging Naka-record (ARS) at Muan Sweet Water"

Kapatid Eunhye Oh, 12 taong gulang, Gumi Manmin Church



Noon Abril 27, 2016, nagpakulo ako ng tubig sa isang takure para sa sopas. Nang isasalin ko ito sa tasa, hindi ko sinasadyang natapunan ang hita ko. Napakainit ng tubig, pero tinanggap ko agad ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee na naka-record sa Automated Response System, (+822-830-5320). Tinanggap ko ito nang pitong beses, nawala ang mainit na pakiramdam.



Buong araw kong winisikan ng Muan Sweet Water ang napasong bahagi, at kinagabihan, tinanggap ko ang panalanging may panyo mula sa pastor na nagmiministeryo sa Gumi Manmin Church (Ang Mga Gawa 19:11-12). Kinabukasan, mayroong paltos ang balat na nasunog pero hindi ito masakit. Pinagpatuloy ko ang pagwiwisik ng Muan Sweet Water at tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor. Nakapagensayo ako sa pagtakbo. Napanalunan ko ang premyo para sa pinakamabilis sa 100m at ang relay race sa Araw ng Palaro sa eskwelahan kinabukasan.

Noong Abril 30, dumalo ako sa pulong panalanging Fullness of the Holy Spirit, si Pastor Heesun Lee ang namumuno nito. Siya ang Pandaigdigang Patnubay na Pastor sa Woolsan Manmin Church. Pagkatapos kong tanggapin ang panalanging may panyo, gumaling agad ang paso ko. Sa loob ng tatlong linggo, natanggal na din ang langib, lubos na ang paggaling nito. Nagpapasalamat ako sa Panginoon na perpekto ang pagpapagaling sa akin, walang makikitang peklat.

## "Hindi na Ako Singkit Pagkatapos Kong Pahiran ng Muan Sweet Water ang mga Talukap Ko"



Punong Diakonesa Seonsuk Choi, 46 taong gulang



Elder Youngjun Park, 60 taong gulang



Diakonesa Eunkyung Park, 45 taong gulang